

# Talâ ng mga Editor

**JEM R. JAVIER, PhD**

jem.javier@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Prop. APRIL J. PEREZ**

ajperez@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

I tinatampok sa isyung ito ng Daluyan ang resulta ng mga pananaliksik na tumatalakay sa panitikan, wika, at ang pagiging kawing ng mga ito sa lipunang Pilipino. Ang kalipunan ay binubuo ng apat na artikulo: “Panimulang Pagsusuri sa Talipapâ: Antolohiya ng mga Tulang Pambata: Isang Meta-Dokumentasyon” ni Rene Boy Abiva, “Pagbuo at Balidasyon ng Tala ng mga Pang-Unibersidad na Akademik at Administratibong Termino at Nomenklaturang Isinalin sa Filipino” ni Ariel Bosque, “Ang Wika ng Mag-asawang Layko ng St. Clare of Assisi Parish, Malabon mula sa Iba’t ibang Kontekstong Gamit ang Pag-aaral ni Maggay” ni Ramilito Correa, at “Wika ng Lahi: Mga Natatanging Termino sa Ilang Piling Ritwal at Paniniwala ng mga Imangali” Mary Joyce Dupali-Wangiwang.

Matutunghayan sa artikulo ni Abiva ang paglalapat ng sosyo-historikal at kritisismong pampanitikan sa pagsusuri sa mga piling tulang nakapaloob sa nasabing antolohiya. Kaakibat ito ng isang gawaing pang-ekstensiyon sa Brgy. Talipapa, Cabanatuan, Nueva Ecija. Sa pagbuo ng pag-aaral na ito, nagsagawa rin ng palihan para sa mga mag-aaral na naging mahalagang lunsaran ng malikhaing produksiyon at diskurso, ayon na rin sa may-akda. Sa pamamagitan din ng palihan, higit na nata-sa ang kakayahan sa pagsulat ng mga kalahok at inilapat ang pagpopook na para kay Abiva ay naglalayong higit pang maisapraktika ang mga teorya. Kolaboratibo ang proyektong ito ng mga mag-aaral katuwang ang ilang organisasyong may kolektibong adbokasiya sa edukasyon para sa komunidad habang isinasaalang-alang ang esensiya ng gampanin ng guro sa lalo pang pagpapahusay ng mga akda. Lumutang ang sari-saring paksa mula sa mga

persona sa tula. Dagdag pa ni Abiva, “nagawa ng palihan na buksan ang isang bagong mundo para sa lahat ng mga nagsipaglahok, mundong sila rin ang lilikha at kanila sa-pagkat natutuhan nilang ipook at bigyan ng kahulugan ang kanilang pinagsanib na mga diwa at praktika.”

Sa kaniyang artikulo, tinalakay ni Bosque ang pagkaklaster, mga konsiderasyon sa pagsasalin, at isinagawa ang pagbuo ng tala ng mga naisaling terminong pang-Unibersidad sa Rizal Technological University (RTU). Inilahad niya ang mga akademik at administratibong termino at nomenklaturang umiiral sa RTU sa pamamagitan ng apat na yugto. Una, ang pangongolekta at pagkaklaster sa mga aytem mula sa mga inilalathalang dokumento sa Unibersidad. Ikalawa, ang pagmamapa sa iba’t ibang konsiderasyon sa teknikal na pagsasalin, gayundin ang paglalapat ng payak na wika. Ikatlo, pagsasakataparan ng aktuwal na pagsasalang tumatalima

sa pagpapatupad ng mga isinaad na konsiderasyon, at panghuli, ang pagtitiyak sa kaayusan, kawastuhan, at kaakmaan ng mga salin. Itinuring na mga konsiderasyon sa pagsasalin ang posisyon at ayos ng mga salita sa salin, pagsasakonteksto at intensiyon ng salin, at target na mambabasa at tagagamit. Bukod pa rito, siniyasat din ang *lexical choice* ng pagsasalin. Para kay Bosque, lubos na makapag-aambag ang pagsasalin ng ganitong mga termino tungo sa intelektuwalisasyon ng Filipino sa mga institusyon ng lalong mataas na edukasyon.

Samantala, sa papel ni Correa iniugnay niya ang paraan ng komunikasyon sa katangian ng relasyon ng mag-asawa sa naturang parokya. Masinop na tinipon ng may-akda ang iba't ibang salita, idyoma, pangungusap, at kawikaan na sinasabing sumasalamin sa buhay-may-asawa ng kaniyang mga nakapanayam. Ipinakita rin ni Correa kung paanong ang mga panlipunang estruktura, gaya ng relihiyon at organisasyong pangmag-asawa gaya ng Marriage Encounter Foundation of the Philippines, ay maituturing na tagapamagitan o tagapag-ugnay na ang layunin ay panatilihin ang pagkakasundo ng mga mag-asawang kaanib sa kanilang pangkat. Sa gayon, napag-uugnay-ugnay ang iba't ibang kaparaanan ng pakikipagtalastasan, i.e., berbal at di-berbal na komunikasyon at matalinghagang pangungusap, na pawang itinuturing na sangkap sa wika bilang instrumento ng pagkakaunawaan. Ani Correa, "...karaniwan ang paggamit ng pahiwatig sa pagbibigay ng mensahe sa ibang tao...[na] nakakahalubilo natin sa pang-araw-araw na buhay." Gayunman, kinakailangan ang lubos na pag-unawa sa kahulugan ng mga naturang pahiwatig sapagkat ito ang magbibigay-daan upang lubos na maunawaan ang isa't isa. Ang ikaapat na artikulong tampok sa isyung ito ng *Daluyan* na iniakda ni Dupali-Wangiwang, idinokumento ang ilang piling aspekto ng kultura ng mga Imangali, etnolinggwistikong grupong nakatira sa Cordillera. Ang paglalarawan sa mga ritwal, tradisyon, paniniwala, at paraan ng pamumuhay ng naturang pamayanan ay binigyang-paglalarawan sa pamamagitan ng 35 piling termino na sa palagay ng may-akda ay pinakamatingkad na tagapaglarawan ng kultura ng mga Imangali. Ipinamamalas din ng papel na ito ang kaangkuhan ng iba't ibang kuwalitatibong metodolohiyang

ginagamit sa agham panlipunan gaya ng pakikipanayam, pagmamasid, at pakikibahagi o participant observation, sa pagbuo ng etnograpiya ng pamayanan. Nakabuo ng mga pangkat ng mga konsepto sa iba't ibang domain ng pamumuhay ng Imangali si Dupali-Wangiwang. Ang mga konseptong kaniyang inilarawan sa pamamagitan ng pagbibigay-depinisyon sa mga kultural na termino ay pawang may kinalaman sa mga piling ritwal at paniniwala sa iba't ibang yugto ng buhay ng tao, i.e., panganganak, pag-aasawa, at pagkamatay. Itinampok ni Wangiwang ang mga terminong ito na mahirap, kung hindi man hindi matutumbasan ng ibang termino sa ibang wika. Ang ganitong usapin ay mahalaga lalo na sa pagbuo ng modyul at materyales na tumutugon sa pangangailangang magkaroon ng kurikulum na matugunin sa kultura (culturally responsive).

Sa koleksiyon ng mga papel sa isyung ito ng *Daluyan*, mapapansin ang pagsasadiwa ng mga may-akda sa dalawang mahalagang salik ng gawaing pampananaliksik. Una, ang kahalagahan ng kolaborasyon sa pagsasakatuparan ng metodolohiya sa pangangalap ng datos lalo na sa pananaliksik na tao at lipunan ang tampok at tuon. Ikalawa, ang kahalagahan ng pagtanaw sa tiyak na kapakinabangan at tuwirang benepisyong ibubunga ng resulta ng pananaliksik. Ikinagagalak namin, kung gayon, na itanghal ang mga artikulong ito na hindi lamang naglalayong palawakin at palalimin ang pangkalahatang kabatiran sa kani-kanilang disiplina, kundi makapag-ambag sa ikaiinam ng buhay at pamumuhay ng pamayanang pinagsagawaan ng pag-aaral, kung hindi man ng buong sambayanan.

Nagpapailanlang kami ng pagpapasalamat sa mga nag-ambag ng papel-pananaliksik, sa mga kasapi ng pangkat pampatnugutan, sa lupon ng mga editor at tagapayo, at sa palimbagan nitong journal—ang *Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman*, alang-alang sa pagtitiwala sa aming manguna sa paglalathala ng mga tampok na artikulo sa isyung ito ng *Daluyan*. Sa aming mga mambabasa, nawa ang mga papel na inyong matutung-hayan ay magsimula ng diskurso upang kayo man ay makabuo ng pananaliksik na maaari ninyong ibahagi sa amin sa hinaharap.



